

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKAWALONG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 24 AGOSTO 1998, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWANGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Eduardo K. Soriano	
Kagawad Juan S. Advincula	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Mae Arlene M. Talens	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman
---------------------------	---------------

KAPASYAHAN BLG. 047
Taong 1998

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA
KGG. GOVERNADOR RODOLFO G. VALENCIA NG
MADALIANG PAGPAPAAYOS NG MGA DAANG
PANLALAWIGAN NA NASASAKUPAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang mga kalsada at mga daan ay lubhang mahalaga sa pang-araw-araw na gawain ng mga mamamayan at sa pagsasagawa ng mga hanapbuhay at serbisyong pangkaunlaran;

SAPAGKA'T ang mga daang ito ay nararapat mapanatiling maayos, bukas at pinakikinabangan upang hindi maging hadlang sa patuloy na daloy ng mga gawaing pang-sosyo-ekonomiko tulad ng kalakalan at transportasyon;

SAPAGKA'T ang mga daang panlalawigan o provincial roads sa bayang ito ay marami nang mga kasiraan na nagiging dahilan ng aksidente, pagkasira ng mga sasakyan, pagkabalang ng mga transaksyong pangkalakalan at abala sa mga kinauukulan na ang epekto ay pagod at kawalan sa temang salapi at panahon ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang panahon ng tag-ulan ay nagsisimula na at magiging dahilan ito upang lalong masira ang mga daan at kalsada na magpapalubha sa kasalukuyang kalagayan ng mga daang panlalawigan sa bayang ito;

Signature

Signature *Signature*

SAPAGKA'T napagkaisahan ng pamunuan ng bayang ito na hilingin sa pamahalaang panlalawigan ng Silangang Mindoro ang kinakailangang tulong sa pagsasaayos ng mga daang panlalawigan at ito ay sa pamamagitan ng Kgg. na Gobernador Rodolfo G. Valencia.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA. Tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. na Gobernador ng Silangang Mindoro Rodolfo G. Valencia ang madaliang pagsasaayos ng mga daang panlalawigan sa nasasakupan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Rodolfo G. Valencia, Punong Lalawigan ng Silangang Mindoro, Siyudad ng Calapan para sa maagap na pag-aksyon sa bagay na ito sa kapakanan lalo't higit ng mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

Pinagtibay: 24 Agosto 1998


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan